Kagawaran ng Ugnayan sa Pang-industriya Dibisyon para sa Kompensasyon ng mga Manggagawa ng California (California Department of Industrial Relations Division of Workers Compensation)

DWC DIVISION OF WORKERS' COMPENSATION
CALIFORNIA DEPARTMENT OF INDUSTRIAL RELATIONS

# Fact Sheet E

## Mga Sagot Sa Iyong Mga Tanong Tungkol sa Mga Kwalipikadong Medikal na Evaluator (Qualified Medical Evaluator) at Nasang-ayunan na Medikal na Evaluator (Agreed Medical Evaluator)

Sinusuri ng mga kwalipikadong medikal na evaluator (qualified medical evaluator, QMEs) o nasang-ayunan na medikal na evaluator (agreed, medical evaluator, AMEs) ang mga manggagawang nagtamo ng sugat/pinsala upang matukoy ang mga benepisyong matatanggap nila kung mayroong hindi pagkakasunduan sa mga opinyon ng gumagamot na doktor.

Ang mga QME ay mga doktor na lisensyado para magsanay sa California bilang mga medikal na doktor, osteopath, chiropractor, psychologist, dentista, optometrist, podiatrist o acupuncturist at sertipikado ng Medikal na Yunit ng Dibisyon para sa Kompensasyon ng mga Manggagawa (Division of Workers' Compensation Medical Unit) upang magsagawa ng mga medikal/legal na pagsusuri.

Ang mga AME ay mga doktor na pinili sa pamamagitan ng kasunduan sa pagitan ng taga-depensa at mga abogado ng aplikante para magsagawa ng mga medikal/legal na pagsusuri sa isang kaso ng kompensasyon ng mga manggagawa. Ginagamit lamang ang mga AME kung ang manggagawang nagtamo ng sugat/pinsala ay kinakatawan ng isang abogado.

### Ano ang pagkakaiba ng isang QME at isang AME?

Kung mayroon kang isang abogado, ang iyong abogado at ang tagapangasiwa ng mga paghahabol ay maaaring magkasundo sa isang doktor nang hindi ginagamit ang sistema ng estado para sa pagkuha ng isang QME. Tinatawag na AME ang doktor na kanilang pinagkasunduan. Kung hindi sila nagkasundo, dapat silang humiling ng isang QME.

### Nagpunta na ako sa doktor. Bakit kailangan kong pumunta sa isang QME?

Ikaw at/o ang tagapangasiwa ng mga paghahabol ay maaaring hindi sumasang-ayon sa sinasabi ng gumagamot na doktor. Maaaring may iba pang mga di-pagkakasundo sa mga medikal na isyu sa iyong paghahabol. Ang ibang doktor -- isang AME o QME --ay kailangang tugunan ang mga di-pagkakasundo na ito, kung saan maaaring kabilang ang:

- Kung ang iyong sugat/pinsala ay sanhi ng iyong trabaho o hindi
- Kailangan mo man o hindi ng paggamot para sa iyong sugat/pinsala (kung ang petsa ng pagkakaroon ng sugat/pinsala ay bago mag-Ene. 1, 2013)
- Kailangan mo man o hindi na manatili sa bahay mula sa trabaho para magpagaling
- Kung ang iyong kalagayan ay permanente at hindi na magbabago (stationary)
- Kung mayroon kang bago at karagdagang kapansanan
- Isang permanenteng rating ng kapansanan.

### Sino ang nagpapasya tungkol sa pagpunta sa isang QME?

Ikaw, ang iyong abogado o ang tagapangasiwa ng mga paghahabol ay maaaring humiling ng pagsusuri sa QME.

Ang Medikal na Yunit ng DWC ay magbibigay sa sinumang humiling ng isang listahan (tinatawag na panel) ng tatlong QME. Pasumalang binuo ang bawat panel ng QME at ang mga nakalistang doktor ay mga espesyalista sa uri na hiniling. Isang doktor mula sa listahan ang pipiliin para suriin ka at gumawa ng ulat tungkol sa iyong kondisyon. Sa sandaling napili ang isang QME para sa iyong paghahabol, ang karamihan sa mga pagtatalo o hindi pagkakaunawaan ay dapat pumunta sa QME na iyon.

### Paano ako hihiling ng isang pagsusuri sa QME?

Kumpletuhin ang pormularyo na “Humiling para sa QME panel” at isumite ito sa Medikal na Yunit ng DWC. Tingnan ang gabay sa I at A 2 para sa tulong sa pormularyo na ito.

**TANDAAN:** Kung sinabi ng iyong tagapag-empleyo o tagapangasiwa ng mga paghahabol na may problema sa iyong paghahabol at padadalhan ka ng pormularyo na “Humiling para sa QME panel,” mayroon kang 10 araw upang kumpletuhin ang pormularyo, piliin ang medikal na espesyalidad ng QME at ipadala ang pormularyo sa Medikal na Yunit ng DWC. Kung hindi mo isusumite ang pormularyo sa loob ng 10 araw, gagawin ito ng tagapangasiwa ng mga paghahabol at pipiliin niya ang uri ng doktor kung saan ka magpapatingin.

### Ano ang pagkakaiba kung sino ang magsusumite ng pormularyo para humiling ng QME?

Ang sinumang magsusumite ng pormularyo ng kahilingan ay pipili ng espesyalidad ng doktor para sa pagsusuri. Tingnan ang gabay sa I at A 2para sa karagdagang impormasyon. Kapag natanggap mo ang panel, makakatanggap ka rin ng liham na nagpapaliwanag kung paano i-set up ang pagkikita para sa QME at kung paano ibibigay sa QME ang mahalagang impormasyon tungkol sa iyong sarili. Sa loob ng 10 araw mula sa petsa sa listahan, dapat kang pumili ng QME mula sa listahan, gumawa ng pagkikita at sabihin sa tagapangasiwa ng mga paghahabol. Kung hindi mo ito gagawin, maaaring piliin ng tagapangasiwa ng mga paghahabol ang doktor at gagawa ng pagkikita para sa iyo.

### Mayroon ba akong magagawa kung hindi ako sumasang-ayon sa sinasabi ng QME?

Oo, mayroon kang 30 araw mula sa pagtanggap ng ulat upang magpasya kung sumasang-ayon ka sa ulat ng QME o kung kailangan mo ng karagdagang impormasyon. Kapag natanggap mo ang ulat, basahin ito kaagad at magpasya kung sa tingin mo ay tumpak ito. Kung hindi, at mayroon kang abogado, dapat kang makipag-usap sa kanya tungkol sa iyong mga opsyon.

Kung wala kang abogado, una mong tawagan ang tagapangasiwa ng mga paghahabol. Kung hindi iyon makakatulong, makipag-ugnayan sa isang opisyal ng I&A sa iyong lokal na opisina ng distrito ng Lupon ng Mga Apela para sa Kompensasyon ng mga Manggagawa (Workers' Compensation Appeals Board, WCAB). Matutulungan ka ng opisyal ng I&A na malaman kung ano ang pinakamahusay para sa iyong kaso.

Kung nasa isang unyon ka, maaari kang dumulog sa isang ombudsperson o tagapamagitan sa ilalim ng mga tuntunin ng iyong kasunduan sa kolektibong pag-uusap (collective bargaining agreement) o kasunduan sa pamamahala ng paggawa (labor-management agreement).

### Nasa isang medical provider network (MPN) ako. Nalalapat ba sa akin ang proseso ng QME?

Oo, ang proseso ng QME ay maaari pa ring gamitin kung bahagi ka ng isang MPN.

### May mga tanong pa ako. Kanino ako makikipag-ugnayan?

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa paghiling ng QME panel, makipag-ugnayan sa Medikal na Yunit ng DWC sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono sa 1-800-794-6900 o sa pamamagitan ng pagsulat sa: DWC Medical Unit, PO Box 71010, Oakland, CA 94612.

Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa 1-800-736-7401 o pumunta sa Web site ng DWC sa www.dwc.ca.gov para makahanap ng lokal na opisina ng I&A. Maaari ka ring mag-download ng mga gabay sa IatA at makakuha ng impormasyon sa mga workshop para sa mga manggagawang nagtamo ng sugat/pinsala.

*Ang impormasyong nakapaloob sa fact sheet na ito ay pangkalahatan at hindi nilayon bilang kapalit ng ligal na payo. Ang mga pagbabago sa batas o ang mga partikular na katotohanan ng iyong kaso ay maaaring magresulta sa mga ligal na interpretasyon na iba sa mga ipinakita dito.*

DIR EST. 1927 State of California Department of Industrial Relations
1515 Clay Street, 17th Floor
Oakland, CA 94612



Ang misyon ng DWC: Pagbabawas sa epekto ng mga sugat/pinsala at sakit na nauugnay sa trabaho. Pagtulong sa paglutas ng mga pagtatalo o hindi pagkakaunawaan sa mga benepisyo sa kompensasyon ng mga manggagawa. Pagsubaybay sa pangangasiwa ng mga paghahabol.

Tumawag sa 1-800-736-7401 o pumunta sa website na www.dwc.ca.gov para mahanap ang Yunit para sa Impormasyon at Tulong (Information & Assistance Unit) na malapit sa iyo.